

Mga FAQ sa Inspeksyon ng Sasakyan



Sumaryo

Dapat pumasa sa taunang inspeksyon ng sasakyan ang lahat ng sasakyang nakarehistro sa Massachusetts.

- Dapat inspeksyunin ang mga bagong-biling sasakyan sa loob ng 7 araw mula ng pagpaparehistro
- Nagkakahalaga ng \$35 ang inspeksyon para sa karamihan ng mga sasakyan. Maaring maningil nang higit pa ang mga istasyon ng inspeksyon para sa pang-komersyal na inspeksyon.
- Nagkakahalaga ng \$15 ang inspeksyon sa motorsiklo, at dapat gawin sa lisensyadong istasyon ng inspeksyon para sa Class M na motorsiko

Isang paglabag sa trapiko ang pagmamaneho ng anumang de-motor na sasakyan nang walang may-bisang sticker ng inspeksyon. Maari kang pagmultahin dahil dito at maaapektuhan ang rate ng iyong seguro.

Anong Mangyayari Kapag Dinala Ko ang Sasakyan Ko para sa Inspeksyon?

Una, magsasagawa ng maikling biswal na inspeksyon ang isang inspektor na lisensyado ng estado para matiyak na walang problema, tulad ng pagtagas ng gasolina, na naghaharap ng agarang panganib sa inspektor man o sa publiko. Dapat na ayusin ang mga problemang ito bago magpatuloy ang inspeksyon. Sa sandaling pumasa ang sasakyan mo sa biswal na inspeksyon, kakailanganin mong ibigay:

- Ang kasalukuyan (at aktibo) na dokumento ng rehistro na mayroong may-bisang numero ng pagkakakilanlan ng sasakyan (vehical identificaton number, VIN) na tumutugma sa makikita sa kaliwang harap na gilid ng dashboard; at
- Ang \$35 na bayad sa inspeksyon.

Higit pang impormasyon dito: <https://www.mavehiclecheck.com/motorists-welcome>

Mga Karaniwang Tanong sa Inspeksyon

Saan ang pinakamalapit ng istasyon ng inspeksyon?

Maaari mong [makita ang pinakamalapit na istasyon ng inspeksyon gamit ang aming locator tool](#).

Saan ang pinakamalapit na Nakarehistrong Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon?

Maaari mong [makita ang pinakamalapit na Nakarehistrong Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon gamit ang aming locator tool](#).

Hindi pumasa ang sasakyan ko sa inspeksyon nito. Ano na ang gagawin ko ngayon?

Kung hindi pumasa ang sasakyan mo sa inspeksyon nito sa kaligtasan man o sa emisyon, dapat itong maipaayos at maipasa ang re-test nito sa loob ng 60 araw mula sa inisyal na inspeksyon. Mahalagang gawin ang mahalagang mga pag-aayos sa lalong madaling panahon, lalo na't labag sa batas ang pagmamaneho ng iyong sasakyan bago maisagawa ang mga pag-aayos para sa kaligtasan. Hangga't hindi pa naiinspeksyong muli ang iyong sasakyan, siguruhing ingatan ang mga resibo ng pag-aayos sa iyong sasakyan bilang patunay na sumusunod ka sa batas. Makabubuti ring ingatan ang mga resibo ng pag-aayos na nauugnay sa emisyon kung sakaling hindi pumasa ang sasakyan mo sa re-test nito at kailangan mong mag-apply para sa waiver o ekstensyon. Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang brosyur na, [Hindi Pumasa ang Sasakyan Ko sa Inspeksyon nito - Ano Na Ang Gagawin Ko Ngayon?](#)

Kapag hindi pumasa ang sasakyan ko sa inspeksyon, maari ba akong mag-apply para sa isang Waiver sa emisyon para sa aking sasakyan? Maari ba akong mag-apply para sa isang Ekstensyon sa Pag-aayos dahil sa Economic Hardship Failure para sa sasakyan ko?

Oo. Kapag inayos ng Nakarehistrong Teknisyan sa Pag-aayos ng Emisyon ang sasakyan mo at hindi ito pumasa sa re-test nito, maari kang maging kuwalipikado para sa isang taon na Waiver ng emisyon. Kung nangangailangan ng malaking pag-aayos ang sasakyan mo, gaya ng overhaul ng transmisyon o makina, maari kang maging kuwalipikado para sa isang taon at hindi nare-renew na Ekstensyon sa Pag-aayos dahil sa Economic Hardship Failure. Makakatugon sa mga kinakailangan ng programa ang pagkuha ng waiver sa emisyon o isang ekstensyon, pero dapat itong makumpleto sa loob ng 60 araw matapos ang iyong inisyal na inspeksyon.

Bakit ko kailangang dalhin ang sasakyan ko sa Sentro ng Tulong sa Motorista (Motorist Assistance Center, MAC)? Paano ako makakakuha ng isang appointment sa MAC?

Ipaliliwanang ng iyong Ulat sa Inspeksyon ng Sasakyan kung bakit. Maaring kasama sa mga dahilan ang paulit-ulit na mga problema sa mga isyu ng on-board computer "readiness" na lumalabas na natatangi sa iyong sasakyan; mayroon kang espesyalidad na sasakyan gaya ng kit car; random na seleksyon para sa mga layuninn ng pagsusuri ng programa, o para protektahan ang iyong mga karapatan bilang mamimili. Para mag-iskedyul ng appointment sa MAC, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135.

Ano ang mga kinakailangan ng inspeksyon sa kaligtasan para sa mga sasakyan?

Aabutin ng halos 12 minuto ang inspeksyon sa kaligtasan kung saan susuriin ang 14 na bagay sa sasakyan. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring [mag-click dito](#).

Kailangan bang inspeksyunin ang aking trailer?

Kung ginagamit ang trailer mo para kumita ng pera, kailangan nitong dumaan sa komersyal na inspeksyon kung lampas sa 3,000 pounds (1,361 kilo) ang rating ng manufacturer sa kabuuang timbang ng sasakyan (gross vehicle weight rating, GVWR), o kung lampas sa 10,000 pounds (4,536 kilo) ang rating sa kabuuang kombinasyong timbang ng sasakyan (gross combination vehicle weight rating, GCWR).

Kasalukuyang nasa labas ng estado ang sasakyan ko. Paano ko ito mapapa-inspeksyon?

Kung wala sa estado ang iyong sasakyan, dapat kang magsumite ng Form na Out-of-State Verification Inspection (available sa seksyon ng [Motorist Resources](#)), pagkatapos ay ipa-inspeksyon ito sa isang

Vehicle Check Inspection Station ng Massachusetts sa loob ng 15 araw ng iyong pagbabalik sa Commonwealth.

Nakarehistro ang sasakyan ko sa ibang estado o hurisdiksyon. Maari ko ba itong ipa-inspeksyon sa Massachusetts?

Depende sa estado kung saan nakarehistro ang sasakyan mo, maaring ma-inspeksyon ang iyong sasakyan sa isang istasyon ng inspeksyon ng Massachusetts Vehicle Check. Para malaman kung may katumbasan sa Commonwealth ang inspeksyon ng partikular na estado, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135.

Ano ang OBD Diagnostic Trouble Codes (DTCs) na nakalista sa aking Ulat sa Inspeksyon ng Sasakyan?

Ang "OBD DTC" ay isang alphanumeric na code na nakaimbak sa onboard diagnostic (OBD) computer system ng iyong sasakyan kapag may nakita itong isang problema na nauugnay sa emisyon. May karaniwang maling akala na tinutukoy ng DTC ang isang partikular na depektibong bahagi. Kahit na ganito ang kaso kung minsan, marami pang sitwasyon kung saan tinutukoy lamang nito ang sintomas na ginagamit ng Rehistradong Teknisyan sa Pag-aayos ng Emisyon para matukoy at, sa bandang huli, matiyak ang nagsasanhi ng problema. May parehong kahulugan para sa lahat ng sasakyan ang ilang DTC, habang ang iba naman ay partikular sa manufacturer. Ang mga problemang nauugnay sa emisyon ay maaring sanhi ng makina, transmisyon, mga anti-lock brake, body control module at maging ang sistema ng power steering. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa mga "OBD DTC", "Mga Permanenteng Fault Code ng OBD", at "Dagdag na Data ng OBD" na ibinigay sa iyong VIR ("Miles Since Code Clearing", "Warm-ups Since Code Clearing" at "Pin 16 Voltage"), dapat mong dalhin ang iyong sasakyan sa Rehistradong Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon.

Paano ako makakakuha ng iba pang kopya ng aking VIR?

Maari kang personal na mag-print ng kopya mula sa website na ito. Kakailanganin mo ang iyong Numero ng Pagkakakilanlan ng Sasakyan (Vehicle Identification Number,VIN), numero ng plaka at "klase" ng plaka, na lahat ay nasa rehistro ng iyong sasakyan. [Mag-click dito para i-print ang iyong VIR.](#)

Saan ipaliliwanag ng VIR kung bakit hindi pumasa sa inspeksyon ang sasakyan ko?

Kung hindi pumasa ang sasakyan mo sa inspeksyon, makikita sa ikalawang pahina ng VIR ang mga resulta ng inspeksyon para sa kaligtasan ng iyong sasakyan at mga resulta sa pagsubok ng emisyon. Ililista ng mga seksyong ito ang partikular na mga dahilan kung bakit hindi pumasa ang iyong sasakyan.

Hindi pumasa sa inspeksyon ang sasakyan ko dahil sa nawawala o nasirang plaka. Ano na ang gagawin ko ngayon?

Kung hindi pumasa ang iyong sasakyan sa inspeksyon para sa kaligtasan dahil sa nawawala o nasirang plaka, dapat kang umorder kaagad ng kapalit na (mga) plaka. Maaring ma-order online ang kapalit na mga plaka sa Mass.Gov/myRMV. Sa sandaling na-order mo na ang iyong kapalit na (mga) plaka, makakatanggap ka ng resibo ng bayad. Ipapadala din sa iyo sa pamamagitan ng koreo ang Number Plate Permit sa loob ng 5-7 araw ng negosyo. Parehong magagamit ang Resibo ng Bayad at ang Number Plate Permit bilang patunay para sa iyong libreng pagpapa-inspeksyong muli ng sasakyan bago matanggap ang iyong kapalit na mga plaka kung babalik ka sa orihinal na istasyon ng inspeksyon sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng inisyal na inspeksyon.

Mga Inspeksyon para sa Kaligtasan

1. Biswal na Sumaryo
2. Mga Pagsubok sa Preno
3. Sistema ng Tambutso
4. Steering at Suspension
5. Busina
6. Glazing, Mga Wiper ng Salamin at Windshield
7. Salamin para Makita ang nasa Likod
8. Mga Aparato sa Ilaw
9. Mga Goma at Gulong
10. Bumper, Fender at Tangke ng Gasolina
11. Binagong Taas ng Sasakyan
12. Mga Seat Belt
13. Mga Airbag
14. Takip ng Tangke ng Gasolina

Mga Tanong sa Inspeksyon para sa Kaligtasan

Sinabi ng VIR na nag-isyu ang manufacturer ng recall sa sasakyan ko. Ano ang dapat kong gawin?

Makipag-ugnayan sa iyong dealer o manufacturer ng sasakyan para alamin kung naisagawa na ang recall para sa mga pagkukumpuni. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga recall ng sasakyan, [mag-click dito](#) at mag-scroll down sa Impormasyon tungkol sa Recall may kinalaman sa Kaligtasan at Emisyon.

Paano kung nangyari ang recall sa VIR bago ako ang maging may-ari ng sasakyan ko?

Depende sa paksa ng recall, maaring kailangan mong tukuyin kung inasikaso ng dating may-ari ang recall para sa (mga) pagkukumpuni. Mangyaring makipag-ugnayan sa dealer o manufacturer para sa karagdagang impormasyon tungkol sa partikular na recall.

Ano ang mangyayari kung pinatabi ako ng pulis habang mayroon akong safety rejection sticker, pero naka-iskedyul na ang isang appointment para maisagawa ang mga pag-aayos?

Hindi ka dapat magmaneho ng sasakyan na hindi pumasa sa inspeksyon nito para sa kaligtasan at hindi pa naipapaayos. Kung patuloy mong imamaneho ang iyong sasakyan, maari kang tiketang pulis para sa pagpapatakbo ng hindi ligtas na sasakyan. Pagkatapos mong maipaayos ang mga depekto sa kaligtasan, papayagan ka ng iyong Certificate of Rejection na patakbuhin ang iyong sasakyan ng hanggang 60 araw, habang isinasaayos ang muling inspeksyon. Hangga't hindi pa naiinspeksyong muli ang iyong sasakyan, siguruhing ingatan ang mga resibo ng pag-aayos sa iyong sasakyan bilang patunay na sumusunod ka sa batas. Lalo itong mahalaga para sa mga depekto sa kaligtasan dahil kailangan mong ayusin ang mga ito kaagad.

Mga Emissions Test

Dapat matanggap ng mga sasakyang nakalista sa ibaba ang sumusunod na mga klase ng emissions test bawat taon, bilang karagdagan sa mandatoryong mga pagsubok sa kaligtasan para sa lahat ng nakarehistrong mga sasakyan:

On-Board Diagnostic (OBD) Test:

- Modelong mga taon na 2009 at mas bagong pampasaherong sasakyan, truck at SUV
- Modelong mga taon na 2009 at mas bagong light-duty diesel na mga sasakyan (na may Gross Vehicle Weight Rating o "GVWR" na 8,500 pounds (3,855 kilo) o mas mababa)
- Modelong mga taon na 2009 at mas bagong medium-duty diesel na mga sasakyan (na may GVWR na 8,501 (3,866 kilo) hanggang 14,000 pounds (6,350 kilo))
- Modelong mga taon na 2009 at mas bagong medium-duty na mga sasakyan na hindi diesel (na may GVWR na 8,501 (3,866 kilo) hanggang 14,000 pounds (6,350 kilo))

Opacity Test:

Modelong taon na 1984 at mas bago, medium- at heavy-duty diesel na mga sasakyan (na may GVWR na 10,001 pounds (4,536 kilo) o higit pa) na hindi napapailalim sa OBD test.

OBD Testing

Ang mga inspeksyon sa on-board diagnostics (OBD) ay mahalagang bahagi ng Programa sa Pagsusuri ng Sasakyan sa Massachusetts. Walang may gustong magmaneho ng sasakyang nag-aaksaya ng gasolina o nagdudulot ng polusyon. Ang isang hindi mahusay na makina o sistema sa kontrol ng emisyon ay nagdaragdag ng mga polusyon sa hangin sa ating rehiyon at binabawasan ang katipiran sa gasolina ng sasakyan.

Karaniwang inaabot ng halos tatlong minuto ang OBD test. Ikonekta ng inspektor ang onboard na computer ng iyong sasakyan sa isang analyzer sa istasyon, at pagkatapos ay ida-download ang control data ng makina at mga emisyon. Nakadepende ang analyzer sa mga self-check na gagawin ng OBD system ng sasakyan sa ilang mga gawain:

Komunikasyon. May komunikasyon ba ang OBD system ng sasakyan mo sa analyzer? Kung walang komunikasyon ang OBD system ng sasakyan mo sa analyzer ng istasyon, dapat na ayusin ang OBD system bago makumpleto ang pagsubok sa emisyon.

Pagiging Handa. "Handa" na ba para masubukan ang OBD system ng sasakyan mo? Habang minamaneho mo ang sasakyan mo, susuriin ng internal na OBD system ang pagganap ng iba't ibang bahagi at sistema na nauugnay sa emisyon. Kung hindi sapat ang pagganap ng OBD system sa mga self-check na ito, maaring hindi handa ang iyong sasakyan para sa isang pagsubok sa emisyon, at magbibigay ang analyzer ng resulta na "Hindi Handa".

Kapag hindi pumasa ang sasakyan o inalis mula sa inspeksyon dahil "hindi handa" ang OBD system nito, nangangahulugan lamang ito na noong iniharap ito para mainspeksyon, walang sapat na may-bisang data na nakaimbak sa OBD system ng sasakyan para tumpak na tasahin ang control system ng emisyon ng sasakyan. Ang ilang karaniwang pag-aayos o mga pamamaraan sa pagpapanatili ay maaring pansamantalang makagambala sa power mula sa baterya ng sasakyan tungo sa OBD computer nito, na nagiging dahilan para maging "hindi handa" ang mga monitor para sa pagsubok ng emisyon dahil naging sanhi ang pagkawala ng power sa pagkabura ng lahat ng resulta ng diagnostic mula sa memorya ng computer. Pagkatapos maibalik ang power, para maging "handa" ang sasakyan para sa pagsubok ng emisyon, kailangang i-monitor ng computer ang ilang kondisyon sa pagmamaneho na sapat ang tagal para muling patakbuin ang kailangang mga pagsusuri, tukuyin kung gumaganap nang tama ang mga sistema o bahagi na nauugnay sa emisyon, at muli ay ganap na maiimbak ang impormasyong ito.

Hangga't hindi pa "handa" ang on-board computer ng sasakyan para sa OBD na pagsubok sa emisyon, hindi papasa ang sasakyan sa inisyal na inspeksyon nito o mapapaalis mula sa muling pagsubok. Maaring walang mali sa sasakyan; kailangan lang na kumpletuhin ng computer ang mga pag-check nito. Karaniwang sapat na ang isang linggo ng magkasamang pagmamaneho sa highway at lungsod para mai-reset ang sistema at magbigay ng tumpak na pagbasa ng pagganap ng sasakyan.

Para pumasa sa pagsubok ng emisyon:

- Ang 2009 at mas bagong taon na modelo ng hindi diesel na mga sasakyan ay maaring magkaroon ng maximum na isang "hindi handa" na hindi-patuloy na monitor.
- Ang 2009 at mas bagong taon na modelo ng diesel na mga sasakyang tumatanggap ng isang OBD test ay maaring magkaroon ng maximum na isang "hindi handa" na hindi-patuloy na monitor.
- Kapag hindi pumasa ang sasakyan sa pagsubok ng emisyon na may catalytic converter-related diagnostic trouble code, ang catalyst monitor ng sasakyan ay dapat na "handa" para pumasa sa muling pagsubok.

Diagnostic Trouble Codes (DTCs). Bakit ino-on ng OBD system ang ilaw ng Check Engine?

Ipinahihiwatig ng diagnostic trouble codes kung aling mga sistema o bahagi ang hindi gumaganap ayon sa pagkakadiseno. Unang hakbang sa pag-diagnose ng problemang nauugnay sa emisyon ang pag-review sa mga code na ito. Ang mga code na ito, kasama ng iba pang impormasyon sa OBD system, ay tutulong na gabayan ang mga teknisyen sa pag-aayos ng emisyon sa mga depektibong bahagi at tutulong na alisin ang "panghuhula" mula sa proseso.

Ilaw ng Check Engine. Naka-on ba ang ilaw ng Check Engine (naka-label kung minsan bilang "Service Engine Soon")? Kapag umiilaw ang ilaw na ito, ipinahihawatig nito na hindi gumagana ayon sa pagkakadisenyong ang isa o higit pa sa mga bahagi ng control system sa emisyon ng iyong sasakyan, at kinakailangan ang pag-aayos. Kung hindi mag-on ang ilaw kapag sinubukan itong i-on ng OBD system, dapat na itama ang problemang ito.

Mga Resulta ng Emissions Test. Naka-print ang mga resulta ng iyong pagsubok sa emisyon sa Vehicle Inspection Report (VIR), na ibibigay sa iyo ng inspektor sa pagtatapos ng inspeksyon. Nagbibigay ang VIR ng impormasyon na magagamit ng teknisyen sa pag-aayos para i-diagnose at ayusin ang iyong sasakyan bago ito magdagdag ng higit pang polusyon sa hangin. Makakatulong din ito para hindi ka gumastos nang mas malaki para sa mga pag-aayos sa kalaunan.

Kung parehong pumasa ang iyong sasakyan sa OBD na pagsubok sa emisyon at inspeksyon sa kaligtasan, mabibigyan ito ng bagong sticker sa windshield na may itim na numerong nagpapahiwatig sa buwan ng pagkawala ng bisa. Kung may makitang problema habang isinasagawa ang OBD test, hindi makakapasa ang iyong sasakyan sa inspeksyon at kailangang ayusin. Makakatanggap ito ng windshield sticker na may itim na R. Kapag-pumasa ito sa re-test, papalitan ang itim na R sticker ng itim na number sticker na nagpapahiwatig ng buwan ng pagkawala ng bisa.

Karaniwang mga Dahilan kung Bakit Hindi Pumapasa ang mga Sasakyan sa Emissions Test

- Hindi pag-andar nang maayos ng mga bahagi na nagre-regulate ng fuel/air ratio, gaya ng mga oxygen sensor
- Mga balbula ng exhaust gas recirculation (EGR)
- Misfire ng makina
- Mga catalytic converter
- Mga kontrol sa pagsingaw, kasama ang mga hindi angkop na mga takip ng gas

Nagbibigay ang VIR ng impormasyong magagamit ng teknisyen sa pag-aayos para i-diagnose at ayusin ang iyong sasakyan. Makakatulong din ito para hindi ka gumastos nang mas malaki para sa mga pag-aayos sa kalaunan.

Opacity Testing ng Heavy-Duty na mga Sasakyang Diesel

Ginagamit ang "snap acceleration opacity" para sa diesel na mga truck, bus at iba pang heavy-duty na mga sasakyan (na may GVWR na 10,001 pounds (4,536 kilo) o higit pa) na hindi napapailalim sa isang OBD emissions test.

Sa test na ito, gumagamit ang inspektor ng isang opacity meter o "smoke meter" para sukatin ang usok mula sa tambutso ng sasakyan. Kung mas maitim ang usok, lalong nakapagdudulot ng polusyon ang sasakyan at magiging mas mataas ang opacity reading nito.

Ina-average ang mga reading mula sa tatlong acceleration "snap" na ito. Ikukumpara ang pinal na average sa emissions standard para sa taon ng modelo at klase ng sasakyan. Mas sopistikado ang mga kontrol sa emisyon ng mas bagong mga sasakyan, at dapat na makatugon sa mas istriktong mga pamantayan.

Mga Tanong sa Emissions Test

Hindi pumasa ang aking sasakyan sa emissions test nito dahil sa non-communication. Ano ang dapat kong gawin?

Dalhin ang iyong sasakyan sa Rehistradong Pasilidad ng Emissions Repair para matukoy kung bakit hindi maka-communicate ang on board computer nito sa testing equipment sa istasyon ng inspeksyon.

Sinabi ng aking inspektor na kailangan kong dalhin ang sasakyan ko sa Motorist Assistance Center (MAC). Anong mangyayari kapag pumunta ako doon?

Magsasagawa ang mga teknisyen ng MAC ng karagdagang pagsusuri sa iyong sasakyan batay sa dahilan ng referral. Masasagot nila ang iyong mga tanong at ipaliliwanag kung bakit nai-refer ang iyong sasakyan at kung ano ang susunod na kailangan mong gawin.

Dinala ko ang aking sasakyan para sa libre nitong re-test sa loob ng 60 araw mula sa inisyal na inspeksyon, pero siningil ako para sa ibang inspeksyon. Bakit?

May karapatan ka para sa isang libreng re-test sa loob ng 60 araw sa istasyon na unang nag-inspeksyon ng sasakyan mo. Kung pupunta ka sa ibang istasyon para sa re-test, sisingilin ka.

Kung naniniwala kang mali ang siningil para sa iyong re-test, maaring karapat-dapat ka para sa refund. Maipaliliwanag ng kawani ng Vehicle Check Customer Service ng Massachusetts ang pamamaraan sa pag-refund.

Lampas na sa 60 araw makalipas ang inisyal kong inspeksyon. Kung babalik ako para sa re-test, babayaran ang buong halaga at hindi na naman makapasa, makakakuha ba ako ulit ng isa pang 60 araw o binibilang lang ba ang 60 araw mula sa inisyal na inspeksyon?

Binibilang ang 60 araw mula sa orihinal na petsa ng inspeksyon.

Saan Ako Makakahanap ng Nakarehistrong Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon?

Kapag hindi pumasa ang iyong sasakyan sa emissions test nito, makakahanap ka ng listahan ng Nakarehistrong mga Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon sa Vehicle Inspection Report (VIR) na ibibigay sa iyo ng inspektor. Maaari ka ring tumawag sa aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135, o [gamitin ang RERF locator tool](#) para maghanap ng lokasyon na kumbinyente para sa iyo.

Gusto kong mag-apply para sa isang Waiver sa emisyon o Economic Hardship Failure Repair Extension. Ano ang unang hakbang?

Tawagan ang aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135 matapos hindi pumasa ang sasakyan mo sa inisyal na inspeksyon sa emisyon nito para simulan ang prosesong ito.

Pina-estimate ko ang pag-aayos sa isang Rehistradong Pasilidad sa Pag-aayos ng Emisyon upang makapag-apply ako para sa isang Economic Hardship Failure Repair Extension. Paano ko malalaman kung karapat-dapat ang mga nakalistang halaga?

Makipag-ugnay sa aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135 para malaman kung karapat-dapat ka para sa isang Economic Hardship Failure Repair Extension.

Magkano ang kailangan kong gastusin sa mga pag-aayos upang maging kuwalipikado para sa isang Waiver sa Emisyon kung hindi nakapasa ang aking sasakyan dahil sa diagnostic trouble codes (DTCs)?

Dahil nag-iiba-iba ang mga ito batay sa partikular na mga DTC, at ang taon ng modelo ng iyong sasakyan, kailangan mong makipag-ugnayan sa aming Sentro ng Serbisyo sa Kostumer sa 1-844-358-0135.

Nagsagawa ako ng ilang pag-aayos sa aking sasakyan bago kumuha ng karagdagang pag-aayos sa Nakarehistrong Pasilidad ng Pag-aayos sa Emisyon, at pagkatapos ay ibinalik sa orihinal na istasyon ng inspeksyon para sa re-test. Kapag mag-apply ako para sa Waiver ng emisyon, mabibilang ba ang mga ginawa kong pag-aayos tungo sa aking pagiging karapat-dapat?

Hindi, tanging ang mga pag-aayos lamang na isinagawa ng Nakarehistrong Teknisyan sa Pag-aayos ng Emisyon ang maaring i-apply sa threshold ng emissions waiver eligibility.

Bakit kailangan kong pumunta para sa re-test bago mag-apply para sa waiver ng emisyon kung alam kong hindi papasa ang aking sasakyan?

Tutulong ang re-test na masuri ang pagiging epektibo ng mga ginawang pag-aayos sa iyong sasakyan at alamin kung umiiral ang anumang kondisyon na magiging dahilan ng pagiging hindi karapat-dapat ng iyong sasakyan para sa waiver. Ang mga sasakyang may ilang problema na nagsasanhi ng sobrang emisyon, gaya ng catalytic converter failure, ay hindi nakakatugon sa pamantayan ng waiver.

Maaari ba akong mag-apply para sa waiver ng emisyon kung lampas na ang 60 araw?

Kung hindi pumasa ang iyong sasakyan sa emissions test nito, dapat itong mabigyan ng waiver sa loob ng 60 araw mula sa inisyal nitong inspeksyon para legal na magpatuloy ang pagpapatakbo.